

**Sistema ng Pagtanggap sa Unang Baitang Mababang Paaralan(Primary One Admission System)  
(Pagtanggap sa Unang Baitang ng Mababang Paaralan sa Setyembre 2024)  
Mga Impormasyon**

**Ang Sistema ng Pagtanggap sa Unang Baitang ng Mababang Paaralan (Primary One Admission System)**

- ◆ Ang Sistema ng Pagtanggap sa Unang Baitang sa Mababang Paaralan (Primary One Admission (POA) System) ay nahahati sa dalawang yugto: yugto ng “Pagtanggap sa Lugar ng Discretionary” (“Discretionary Places Admission”) at yugto ng “Sentral na Alokasyon” (“Central Allocation”).
- ◆ Direktang Subsidy na Pamamaraan (Direct Subsidy Scheme) mababang paaralan , pribadong mababang paaralan at mga mabababang paaralan ng (English Schools Foundation) ay hindi kasama sa Sistema ng POA . Ang mga magulang na nagnanais na papag-aralin ang kanilang mga anak sa mga paaralang ito ay kailangan na mag-aplay ng direkta sa mga paaralan.
- ◆ Sa pagpili ng primaryang paaralan para sa mga bata, kailangang tukuyin ng mga magulang bilang panimula ang mga katangian ng mga bata, ang kanilang personalidad, abilidad, interes, at pagkatapos ay isaalang alang ang iba’t ibang mga kadahilanan tulad ng kung sino ang mga sponsor, kasaysayan, lokasyon, at relihiyon ng isang paaralan.

**Yugto ng “Pagtanggap sa Lugar ng Discretionary” (“Discretionary Places Admission”)**

- ◆ Sa yugto ng “Pagtanggap sa Lugar ng Discretionary” (“Discretionary Places Admission”), ang mga magulang ay maaaring mag-aplay sa ISA lamang na paaralang tinutulungan or pag-aari ng gobyerno na nasa loob o labas ng mga paraalang nakalista sa lugar kung saan sila nakatira.
- ◆ Kapag higit sa isa ang aplikasyon na ipinasa, ang aplikasyon para sa Lugar ng Discretionary (Discretionary Place) ay mawawalan ng bisa.
- ◆ May dalawang kategorya ng Pagtanggap sa Lugar ng Discretionary (Discretionary Places Admission):
  - (A) Ang mga aplikanteng bata na may (mga) kapatid na nag-aaral or (mga) magulang na nagtatrabaho sa paaralan
    - Ang kategoryang ito ay kukuha ng mga 30% ng lugar ng paaralan sa Baitang 1 (P1).
    - Lahat ng aplikanteng bata sa kategoryang ito ay tatanggapin ng paaralan.
  - (B) Pagpili ng mga aplikanteng bata batay sa Sistema ng Puntos (Points System)
    - Bawat mababang paaralan ay magbibigay ng hindi bababa sa 20% ng kanilang lugar sa P1 sa mga aplikanteng bata ayon sa Sistema ng Puntos (Points System).
    - Ang mga paaralan ay hindi dapat na magsagawa ng mga pagsusulit o interbyu ng kaalaman sa kurikulum na mayroon ang aplikanteng bata.
- ◆ Ang mga pangalan ng mga aplikanteng bata sa pagtanggap sa lugar ng discretionary (discretionary places admission) ay ipapaskil sa mga kinauukulang paaralan. Kailangang irehistro ng kanilang mga magulang ang kanilang mga anak sa mga tinukoy na petsa. Ang hindi pagrerehistro sa loob ng tinukoy na panahon ay magpapawalang bisa ng lugar ng discretionary na inalok sa kanila. Kapag nangyari na ang paaralan ay hindi nagkaroon ng anumang subsidized P1 na klase sa 2024/2025 na paaralang taon, ang mga alternatibong lugar ng P1 ay isasaayos ng Kagawaran ng Edukasyon (Education Bureau) para sa mga mag-aaral na tinanggap ng paaralan sa yugto ng “Pagtanggap sa Lugar ng Discretionary” (“Discretionary Places Admission”).

[Kung sakaling may pagkakaiba sa pagsasalin sa pagitan ng Ingles at Nepali/Urdu/Hindi/Tagalog/Thai/Bahasa Indonesia/Punjabi (Indian)/Vietnamese na bersyon, ang bersyon sa wikang Ingles ang susundin at mananatili.]

## Ang Sistema ng Puntos (Points System)

- ◆ Kung ang bilang ng mga aplikasyon para sa lugar ng discretionary sa Kategorya (B) na tinanggap ng paaralan ay sumobra sa quota nito, kailangang tanggapin ng paaralan ang aplikanteng bata ayon sa Sistema ng Puntos (Points System) na nasa ibaba:

1. (Mga) Magulang na nagtuturo o nagtatrabaho sa lahat ng panahon sa (20 puntos) kindergarten o ikalawang seksyon kung ito ay nasa parehong lokasyon ng mababang paaralan.
2. (Mga) Kapatid na nag-aaral sa ikalawang seksyon kung ito ay nasa parehong (20 puntos) lokasyon ng mababang paaralan.
3. (Mga) Magulang na namamahala sa mababang paaralan. (20 puntos)
4. (Mga) Magulang o (mga) kapatid na nakapagtapos sa nasabing mababang (10 puntos) paaralan.
5. Panganay na anak (pinakamatandang anak sa pamilya, babae man o lalaki) (5 puntos)  
*[Ang aplikanteng bata ay maaari lamang na kumuha ng isa sa mga pagpipiliang kaugnayan mula 1 hanggang 5.]*
6. Parehong relihiyong kinakaugnayan nang grupo na nangangasiwa ng (5 puntos) mababang paaralan. [Tingnan ang Nota]
7. (Mga) Magulang na miyembro ng parehong organisasyong namamahala sa (5 puntos) mababang paaralan. [Tingnan ang Nota]  
*[Ang aplikanteng bata ay maaari lamang kumuha ng isa sa mga pagpipiliang kaugnayan mula 6 hanggang 7.]*
8. Ang aplikanteng bata na may tamang edad (5 taon 8 buwan hanggang 7 taon) (10 puntos)

[Nota: Ang mga magulang ay pinaaalalahanan na kumonsulta ng direkta sa paaralan tungkol sa kahulugan ng 'parehong relihiyong kinakaugnayan'/'miyembro ng parehong organisasyon' bago magpasa ng form ng aplikasyon.]

***Ang mga aplikanteng bata ay bibigyan ng mga angkop na puntos para sa hiniling na kaugnayan pagkatapos ng beripikasyon.***

[Kung sakaling may pagkakaiba sa pagsalin sa pagitan ng Ingles at Nepali/Urdu/Hindi/Tagalog/Thai/Bahasa Indonesia/Punjabi (Indian)/Vietnamese na bersyon, ang bersyon sa wikang Ingles ang susundin at mananatili.]

## Yugto ng Sentral na Alokasyon (“Central Allocation”)

- ◆ Ang mga batang hindi inalok ng lugar ng discretionary ay lalahok sa Sentral na Alokasyon (Central Allocation) (CA).
- ◆ Ang mga magulang ay pipili ng mga paaralan na nasa 2 kategorya, katulad ng hindi limitadong pagpipiliang paaralan (Bahagi A) at limitadong pagpipiliang paaralan (Bahagi B). Ang nakaprogramang kompyuter na CA ang magpoproseso ng mga pagpipiliang paaralan sa Bahagi A muna, at pagkatapos ay sa Bahagi B.

### Bahagi A

- 10% ng lugar sa paaralang P1 para sa Sentral na Alokasyon (Central Allocation) ay minarkahan para sa bahaging ito.
- Ang mga magulang ay maaaring pumili ng hanggang sa 3 paaralan mula sa anumang net ng paaralan.

### Bahagi B

- 90% ng lugar sa mga paaralang P1 para sa Sentral na Alokasyon (Central Allocation) ay minarkahan para sa bahaging ito.
  - Ang mga magulang ay dapat lamang na pumili ng mga paaralan na nasa loob ng kanilang net. Gayunpaman, kapag ilinagay ng mga pagulang sa form ng aplikasyon na ang kanilang anak ay hindi magagamit ang wikang Tsino bilang daluyan ng kaalaman, maaari silang pumili ng mga paaralan na nasa kanilang net at ang mga paaralan na karaniwan nang tumatanggap ng maraming estudyante na hindi nakakapagsalita ng wikang Tsino sa anumang mga net ng paaralan.
- ◆ Ang “Dokumento sa Pagrehistro para sa Primary One” (Primary One Registration Form) na may resulta ng CA ay ipapadala sa mga magulang sa pamamagitan ng paghahatid ng direktso sa bahay mula ika-5 ng Hunyo hanggang ika-6 ng Hunyo 2024 sa pamamagitan ng serbisyo ng lokal na tagapagpadala ng koreo na ibinibigay ng Hongkong Post. Kung walang tatanggap ng sulat sa oras na ang pagpapadala ng Hongkong Post ay naganap, ang “Abiso para Kolektahin ang Sulat” ay iiwan para sa mga magulang upang kunin ito mula sa mga itinalagang tanggapan ng koreo mula hapon ng sumunod na araw ng paggawa. Kung ang mga magulang ay hindi nakatanggap ng “Dokumento sa Pagrehistro para sa Primary One” (Primary One Registration Form) o ng “Abiso para Kolektahin ang Sulat” na ibinigay ng Hongkong Post pagdating ng ika-7 ng Hunyo 2024, maaari nilang kunin ang “Dokumento sa Pagrehistro para sa Primary One” sa itinalagang “Center para sa Koleksyon” mula ika-8 ng Hunyo hanggang ika-9 ng Hunyo 2024. Kailangan irehistro ng mga magulang ang mga bata na may alokasyon para sa paaralan sa nasabing mga araw.

Ang mga magulang ay kailangang maging alisto sa mga pinakabagong balita at anunsyo ng Kagawaran ng Edukasyon (Education Bureau) at sa mga mensaheng inilalathala ng Education Bureau sa kanilang POA website: [Path: Education Bureau website ([www.edb.gov.hk](http://www.edb.gov.hk)) > Education System and Policy > Primary and Secondary Education > School Places Allocation Systems > Primary One Admission System].

### **Para sa mga Katanungan**

Ang mga magulang na naghahanap ng karagdagang impormasyon ay maaaring makipag-ugnay kay Mr W H SETO(Tel: 2832 7640) Mr Michael POW(Tel: 2832 7645 ng School Places Allocation Section, EDB).

[Kung sakaling may pagkakaiba sa pagsasalin sa pagitan ng Ingles at Nepali/Urdu/Hindi/Tagalog/Thai/Bahasa Indonesia/Punjabi (Indian)/Vietnamese na bersyon, ang bersyon sa wikang Ingles ang susundin at mananatili.]

# Pagtanggap sa Unang Primarya (POA) [Primary One Admission] para sa Setyembre 2024

Intensyon na mag-aral sa pag-aari ng gobyerno / tinutulungan na mababang paaralan

Paglahok sa Sistema ng POA

Ayon sa batas kinakailangan na papag-aralin ng mga magulang ang kanilang mga anak na may edad na anim o higit pa sa paaralan.

Upang maging karapat-dapat na lumahok, ang bata ay dapat na

- ◆ May edad na 5 taon 8 buwan ng siya ay itala sa P1 sa Setyembre 2024;
- ◆ Residente ng Hong Kong;
- ◆ Hindi pa nag-aaral sa anumang mababang paaralan; at
- ◆ Hindi pa nakatanggap ng lugar na alokasyon sa P1

**Kumuha ng Form ng Aplikasyon (Application Form)**

- ◆ mula 1 hanggang 29 Setyembre 2023
- ◆ mula sa kindergarten or kindergarten-cum-child care centre kung saan nag-aaral ang bata, District Offices(Home Affairs Enquiry Centre), School Places Allocation Section o Regional Education Offices ng Education Bureau

Walang partikular na paaralan sa isip

May partikular na paaralan sa isip

- ◆ Ipasa ang Form ng Aplikasyon mula 25 Setyembre 2023 hanggang 26 Enero 2024 sa School Places Allocation Section ng Education Bureau

Office 2, 2/F, Manulife Financial Centre,  
223 Wai Yip Street,  
Kwun Tong, Kowloon.

Paunawa: Ang Seksyon ng Alokasyon para sa Lugar sa Paaralan ay nakatakdaang ilipat sa Podium Floor, West Block, Education Bureau Kowloon Tong Education Services Centre, 19 Suffolk Road, Kowloon Tong, Kowloon sa ikaapat na bahagi ng 2023. Ang mga detalye ay iaanunsyo sa website ng Education Bureau.

**"विवेकाधीन स्थान प्रवेश" ("Discretionary Places Admission")**

- ◆ Ipasa ang Porma ng Aplikasyon sa pamamagitan ng POA e-Platform (ePOA) mula 21 hanggang 29 Setyembre 2023 o sa paaralan ng **DIREKTA** mula 25 hanggang 29 ng Setyembre 2023.
- ◆ ipasa ang Form ng Aplikasyon sa **ISANG** paaralan lamang (ang aplikasyon ay hindi nasa ilalim ng limitasyon sa net ng paaralan)
- ◆ May dalawang kategorya sa pagtanggap sa lugar ng discretionary:  
(A) aplikanteng bata na may (mga) kapatid na nag-aaral o (mga) magulang na nagtatrabaho sa paaralan. (Lahat ng aplikanteng bata sa kategoryang ito ay tatanggapin ng paaralan.)  
(B) pagpili ng mga aplikanteng bata batay sa Sistema ng Puntos (Points System)

**Inilalabas ng mga paaralan ang resulta ng pagtanggap sa mga piling lugar (discretionary places admission) sa 20 Nobyembre 2023. Maaaring tignan ng mga magulang ang resulta sa pamamagitan ng ePOA mula 10am sa araw na iyon.**

Makilahok sa Yugto ng  
"Sentral na Alokasyon"  
("Central Allocation")

Hindi matagumpay na mga aplikanteng bat na makikilahok sa Yugto ng "Sentral na Alokasyon" ("Central Allocation")

Ang mga matagumpay na aplikanteng mga bata ay magrehehistro sa paaralan sa 22-23 Nobyembre 2023

- ◆ Ang mga magulang ay magpapasa ng Porma ng Piniling mga Paaralan sa pamamagitan ng ePOA sa 22 hanggang 28 Enero 2024 o mamimili ng mga paaralan sa 27 hanggang 28 Enero 2024 sa mga piling Sentro para sa Sentral na Alokasyon (Central Allocation).
- ◆ Ang mga magulang ay matatanggap ang resulta ng sentral na alokasyon (Central Allocation) sa pamamagitan ng koreo sa 5 o 6 ng Hunyo 2024, o maaari nilang makita ang resulta sa pamamagitan ng ePOA mula 10am ng 5 Hunyo 2024.

**Ang updated na impormasyon sa proseso ng aplikasyon sa POA ay maaari din makuha sa EDB's 24-hour Automatic Telephone Enquiry System sa 2891 0088 o sa EDB Homepage (<http://www.edb.gov.hk>)**